

ESTADO NG MGA ANAK-MIGRANTE AT PAGHAHANDA NG NEW NORMAL NG GRADE 12 NG DIBISYON NG OLONGAPO 2020-2021

Maria Cecilia Mosca-Idang¹, Baby S. Abagon²

¹(Regional Science High School III)

²(Graduate School, President Ramon Magsaysay State University)

ABSTRAK Ang pandarayuhan upang maghanapbuhay ay isang pagpapakita ng tibay ng kalooban at pag-aalay ng buhay para sa pamilya. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang dahilan ng pangigingbang-bansa ng mga miyembro ng pamilya, malaman ang mga suliraning kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante, malaman ang kahandaang ginagawa ng isang anak-migrante sa new normal at makabuo ng programa ng paaralan para sa anak – migrante na grade 12 ng dibisyon ng Olongapo, 2020-2021. Ang pananaliksik ay gumamit ng palarawang pamamaraan sa pamamagitan ng bahagdan, weighted mean, ANOVA at Likert Scale. Mas maraming babae ang nagbigay kasagutan na, nasa middle class, ang trabaho ng kanilang magulang ay nasa land-based sa bansang Asia, karamihan ay tatay ang nagpupunta ng ibang bansa, at ang naiwan sa mga anak-migrante ay ang kanilang mga lola. Ang dahilan ng pangigingbang-bansa ng mga miyembro ng pamilya ay sumasang-ayon para sa trabaho, pamilya at kaunlarang pampropesyunal. May makabuluhang pagkakaiba ang mga suliranin sa kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante. May makabuluhang pagkakaiba sa kahandaang ginagawa ng isang anak-migrante sa pagyakap sa new normal.

KEYWORDS: Anak-Migrante, New Normal, Pandarayuhan, Pangigingbang bansa

I. PANIMULA

Ang pag-aaral na ito ay itinuon sa mga anak-migrante sa pagyakap sa new normal sa panahon ng pandemya. Isang katotohanan na ginulantang tayong lahat ng isang pandemya na hindi inakala ng karamihan na nagpabago sa kinasanayan nating ikot ng ating mundo. Tinamaan ang lahat, tumigil ang lahat, pinakamayaman ka mang bansa, pinaka nangunguna ka man sa kaunlaran o isa kang bansang nagsisimula pa lang, lahat tinamaan. Ang pag-aaral na ito ay nagpakita ng tunay na kalagayan ng mga anak-migrante dahil sila ang may mga OFW na magulang na naging laman ng balita at ang mga unang umaray sa pangyayaring ito. Tinukoy nito ang iba't ibang kadahilanan ng pangigingbang-bansa ng magulang. Isanlibo at isanlaksang kadahilanan ngunit pinakamalinaw na ang paglisan ay laging pamilya ang dahilan, trabaho o kaunlarang pampropesyonal. Sa pahayag ni Mapa (2020) lumalabas sa survey na ang bilang ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) na nagtrabaho sa ibang bansa mula Abril hanggang Setyembre 2019 ay tinatayang nasa 2.2 milyon. Ang mga Overseas Contract Workers (OCW) o ang may umiiral na kontrata ay nasa (96.8%) ng kabuuang mga OFW. Ang natitirang nagtatrabaho sa ibang bansa nang walang kontrata ay nasa (3.2%).

II. Paglalahad Ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tukuyin ang mga anak-migrante at ang iba't ibang kadahilanan at kalagayan ng mga ito sa pagpasok ng “new normal” sa Dibisyon ng Olongapo partikular na sa Grade 12. Ang mga sumusunod na suliranin ang sinolusyonan ng buong pananaliksik:

1. Ano ang propayl ng mga anak-migrante ayon sa mga sumusunod:
 - 1.1. Kasarian;
 - 1.2. Estado sa buhay;
 - 1.3. Trabaho ng mga magulang;
 - 1.4. Bansang pinagtatrabahuan;
 - 1.5. Nagtatrabahong migrante; at
 - 1.6. Kasama ng anak – migrante sa bahay?
2. Ano ang mga dahilan ng pangigingbang bansa ng mga miyembro ng pamilya ayon sa mga sumusunod:
 - 2.1 Trabaho;
 - 2.2 Pamilya; at
 - 2.3 Kaunlarang pampropesyunal?

3. Ano – anong mga suliranin ang ang kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante ayon sa mga sumusunod:
 - 3.1 Emosyon;
 - 3.2 Kapaligiran;
 - 3.3 Pangkaisipan; at
 - 3.4 Pampisikal?
4. Ano ang mga kahandaang ginagawa ng isang anak-migrante sa pagyakap sa “new normal” sa panahon ng pandemya ayon sa mga sumusunod?
 - 4.1 Online;
 - 4.2 Modyular; at
 - 4.3 Teknolohiya?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba ang dahilan ng pangigingbang bansa ng mga miyembro ng pamilya kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl?
6. May makabuluhang pagkakaiba ba ang suliranin ang kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl?
7. May makabuluhang pagkakaiba ba ang kahandaang ginagawa ng isang anak-migrante sa pagyakap sa “new normal” sa panahon ng pandemya kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl?
8. May makabuluhang pagkakaiba ba ang mga suliranin na kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante?
9. May makabuluhang pagkakaiba ba ang kahandaang ginagawa ng isang anak-migrante sa pagyakap sa “new normal” sa panahon ng pandemya sa mga suliranin ang kadalasang kinakaharap ng isang anak-migrante.
10. Ano ang programang maimumungkahi ng paaralan para sa anak-migrante ayon sa mga sumusunod:
 - 10.1 Emosyonal
 - 10.2 Kapaligiran
 - 10.3 Pangkaisipan
 - 10.4 Pisikal at
 - 10.5 Pagtangkilik sa wikang Filipino

III. Pamamaraang Ginamit At Hakbang Na Isinagawa

Ang pamamaraang ginamit sa pananaliksik ay palarawang pananaliksik. Ang palarawang pananaliksik ay uri ng pananaliksik kung saan ito ay naglalarawan ng pangyayari, diskurso, o phenomenon ayon sa pananaw at karanasan ng kalahok ayon sa pananaliksik. (Bandril, Villanueva, Bautista at Palmes, 2016) Layon ng deskriptibong pananaliksik na tugunin ang mga katanungang sino, ano, kalia, saan at paano ng isang partikular na paksain. Sinusubukan din nitong ilarawan ang kasalukuyang kalagayan, kaganapan, o mga sistema batay sa impresyon o reaksyon ng mga respondent. Ito ay isang pag-aaral na maaaring magtamo ng mga katotohanan salig sa nangingibabaw na kalagayan o mapalitaw ang isang tiyak na kaugnayan ng paksa sa kasalukuyang phenomenon o kaganapan. Inilalarawan at binibigyang interpretasyon din nito ang kasalukuyang kondisyon o ugnayan na nangingibabaw o di nangingibabawa, Mga kasanayang ginagamit at hindi ginagamit, paniniwala o punto de bista o kaasalang ipinapakita, iba’t ibang nagaganap na proseso, mga nararamdamang epekto, o mga nakasanayang mga gawi ng paksa ng pananaliksik (Peña 2016). Ang pangunahing layunin sa paggamit ng pamamaraang deskriptibo ay ang paglalarawan ng pangyayari, diskurso o phenomena ayon sa pananaw at karanasan ng kalahok sa pananaliksik. (Bandril, Villanueva, Bautista at Palmes, 2016). At upang mailarawan ang kaganapan sa panahon ng pananaliksik sa higit na malalim na dahilan ng isang phenomena, ang mga pangkasalukuyan ay bibigyang tuon . Nagsasagawa ng mga sarbey na nagpaliwanag sa naging pakahulugan sa mga datos na nakalap.

IV. Presentasyon, Interpretasyon At Analisis Ng Mga Datos

1. Propayl ng mga tagatugon ayon sa Kasarian, Estado sa Buhay, Trabaho ng Magulang, Bansang pinagtatrabahuhan, Nagtatrabahong Migrante, Kasama ng anak-migrante sa bahay
Talahanayan 2

Propayl ng mga Tagatugon ayon sa Kasarian, Estado sa Buhay, Trabaho ng Magulang, Bansang Pinagtatrabahuhan, Nagtatrabahong Migrante, Kasama ng anak-migrante sa bahay.

Frequency		Percent
Kasarian	Lalaki	17 34.00
	Babae	33 66.00
Estado sa Buhay	Middle Class	49 98.00
	Mayaman	1 2.00
Trabaho ng Magulang	Sea - Based	7 14.00
	Land - Based	23 46.00

	Kontraktuwal	11	22.00
	Permanent	9	18.00
Bansang pinagtatrabahuhan	Asia	35	70.00
	North America	6	12.00
	South America	5	10.00
	Africa	2	4.00
	Europe	2	4.00
Nagtatrabahong Migrante	Nanay	18	36.00
	Tatay	32	64.00
Kasama ng anak- migrante sa bahay	Tiyahin	13	26.00
	Lola	23	46.00
	Lolo	1	2.00
	Kasambahay/ Katulong	5	10.00
	Tiyuhin	4	8.00
	Pinsan	4	8.00
Total		50	100.00

Makikita sa Talahanayan 2 ang Propayl ng mga tagatugon ayon sa Kasarian, Estado sa Buhay, Trabaho ng Magulang, Bansang pinagtatrabahuhan, Nagtatrabahong Migrante, Kasama ng anak-migrante sa bahay. Ipinapakita sa kasarian na may limampung mag-aaral na tagatugon. Labimpitong

(17) o (6.67%) mag-aaral ang lalaki, at tatlumpu't tatlong (33) o (66.00%) mag-aaral ang babae. Ibig sabihin maraming tagatugon ang babaeng mag-aaral kahalintulad ng pag-aaral na isinagawa nina Aragon, Arrabe at Delena (2018) lumabas na ang karamihan ng nagbigay katugunan kanilang pananaliksik ay mga babae.

Ipinapakita sa estado sa buhay na may limampung mag-aaral na tagatugon. Apatnapu't siyam (49) o (98.00%) na mag-aaral ang middle class, at isang (1) o (2.00%) mag-aaral ang mayaman. Lumalabas na mas maraming anak-migrante ang nasa middle class kaya sa pahayag ni Williams (2010) ang mag-aaral na galing sa middle class ay mas nagsisikap dahil ang mga magulang ay nagbibigay nang maayos na suporta at gabay sa kanilang pag-aaral.

Ipinapakita sa trabaho ng magulang na may limampung mag-aaral na tagatugon. Pitong (7) o (14.00%) mag-aaral na ang trabaho ng magulang ay Sea – Based, dalawampu't tatlong (23) o (46.00%) mag-aaral na ang trabaho ng magulang ay Land – Based, labing- isang (11) o (22.00%) mag-aaral na ang trabaho ng magulang ay Kontraktuwal. at siyam

(9) o (18.00%) na ang trabaho ng magulang ay Permanent. Ipinapakita lamang na mas maraming anak-migrante na nagtatrabaho sa land-based ang kanilang mga magulang o miyembro ng pamilya.

Ipinapakita sa bansang pinagtatrabahuhan na may limampung mag-aaral na tagatugon. Tatlumpu't limang (35) o (70.00%) mag-aaral ang bansang pinagtatrabahuhan ng magulang ay sa Asia, anim (6) o (12.00%) na mag-aaral ang bansang pinagtatrabahuhan ng magulang ay sa North America, limang (5) o (10.00%) mag-aaral ang bansang pinagtatrabahuhan ng magulang ay sa South America, dalawang (2) o (4.00%) mag-aaral ang bansang pinagtatrabahuhan ng magulang ay sa Africa, at dalawang (2) o (4.00%) mag-aaral ang bansang pinagtatrabahuhan ng magulang ay sa Europe. Ipinapakita lamang na mas maraming nagtatrabahong magulang o miyembro ng pamilya sa bansang Asia. Ipinapakita sa nagtatrabahong migrante na may limampung mag-aaral na tagatugon. Labingwalong (18) o (36.00%) mag-aaral na ang nanay ay nagtatrabaho bilang migrante, at tatlumpu't dalawang (32) o (64.00%) mag-aaral na ang tatay ay nagtatrabaho bilang migrante. Ipinapakita na mas maraming tatay ang nangingibang –bansa upang magtrabaho. Sa kabutihang palad, ayon sa sarbey maraming Pilipinong bata ay nakakayanan ang pagkawala ng kanilang ama, dahil sa pagmamahal na ibinibigay na'g kanilang ina (Study Mode, 2013). Ipinapakita sa kasama ng anak-migrante sa bahay na may limampung mag-aaral na tagatugon. Labintatlong (13) o (26.00%) mag-aaral na ang tiyahin ang kasama, dalawampu't tatlong (23) o (46.00%) mag-aaral na ang lola ang kasama, isang (1) o (2.00%) mag-aaral na ang lolo ang kasama, limang (5) o (10.00%) mag-aaral na ang kasambahay/ katulong ang kasama, apat (4) o (8.00%) na mag-aaral na ang tiyuhin ang kasama, at apat (4) o (8.00%) na mag-aaral na ang pinsan ang kasama. Ipinapakita sa resulta na ang kalimitang naiiwang ng mga magulang o miyembro ng pamilya upang magtrabaho sa ibang bansa ay ang lola. Ang lola at lolo ay nagiging magulang din, ayon sa 2000 survey walong bahagdan (8%) sa mga ito ay nagbibigay ng pagkalinga sa kanilang mga apo na hindi naman nabago sa lahat, minsan ang mga magulang ay hikahos na magbayad ng tagapangalaga sa kanilang mga anak kaya sa huli ang mga lola at lolo ang pinakikiusapan na mag-alaga sa mga apo (Child Development, 2019).

2. Dahilan ng Pangangibang- Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Trabaho

Makikita ang Talahanayan 3 Dahilan ng Pangangibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Trabaho. Lumalabas na sa dahilan ng pangangibang bansa ng mga miyembro ng pamilya ayon sa trabaho ayon sa indikektor 1. Nagkaroon ng pagkakataon na magkatrabaho nang

Talahanayan 3
Dahilan ng Pangangibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Trabaho

	Trabaho	AWM	DE	Rank
1	Nagkaroon ng pagkakataon na magkatrabaho nang maayos sa ibang bansa.	3.42	Lubos na sumasang-ayon	1
4	Nagkakaroon ng mas maraming oportunidad	3.28	Lubos na sumasang-ayon	2
5	Naibabahagi ang talento at dedikasyon bilang Pilipino	3.12	Sumasang - ayon	3
2	Nagkakaroon ng pagkakataong makasalamuha ng ibang lahi	2.74	Sumasang - ayon	4
3	Nagkakaroon ng pagkakataong maranasan ang ibang kultura	2.62	Sumasang - ayon	5
	Kabuuan	3.04	Sumasang - ayon	

maayos sa ibang bansa na may average weighted mean na 3.42 na may katumbas na Lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1, at indikektor 3. Nagkakaroon ng pagkakataong maranasan ang ibang kultura na may average weighted mean na 2.62 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 5.

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.04 na may katumbas na Sumasang - ayon. Ibig sabihin ang mga magulang ay nagkaroon ng pagkakataon at oportunidad na magkatrabaho nang maayos sa ibang bansa. Ayon kina Dy at Tiu (2014) iba-iba ang dahilan

ng OFW kaya nangingibambayan ang mga ito, ang iba sa kanila ay nangibambayan dahil sa matinding kawalan ng hanapbuhay sa Pilipinas. Mahirap makahanap ng trabaho sa Pilipinas na pwedeng makabuhay nang maayos sa pamilya, kaya mas pinipili na lamang na makapaghanap ng trabaho sa ibang bansa para masiguradong mabubuhay ang pamilya (Nico, 2018).

1) Pamilya

Makikita ang Talahanayan 4 Dahilan ng Pangangibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Pamilya.

2) Talahanayan 4

Dahilan ng Pangangibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Pamilya

	Pamilya	AWM	DE	Rank
1	Maibigay ng lubos ang mga pangangailangan ng pamilya.	3.66	Lubos na sumasang-ayon	1
2	Nasisiguro na makakatapos ng pag-aaral ang mga anak.	3.54	Lubos na sumasang-ayon	2
4	Nagkakaroon ng pagkakataon na maisiguro ang kinabukasan ng buong pamilya	3.46	Lubos na sumasang-ayon	3
5	Makapagpundar ng bahay at lupa, sasakyan	3.20	Sumasang - ayon	4
3	Naibibigay ang luho ng pamilya	2.70	Sumasang - ayon	5
	Kabuuan	3.31	Lubos na sumasang-ayon	

Lumalabas na sa dahilan ng pangangibang bansa ng mga miyembro ng pamilya ayon sa indikektor 1, maibigay ng lubos ang mga pangangailangan ng pamilya na may average weighted mean na 3.66 na may katumbas na Lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1, at sa indikektor 3. Naibibigay ang luho ng pamilya na may average weighted mean na 2.70 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 5.

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.31 na may katumbas na Lubos na sumasang- ayon. Ibig sabihin kaya mas ninanais na mangibang bansa ng miyembro ng pamilya ay upang maibigay ng lubos ang mga pangangailangan at masiguro na makatapos ang pag- aaral ng mga anak. Sa pahayag ni Hirano (2018) sapilitan o napipilitang mangibang bansa ang miyembro ng pamilya para sa kapakanan at mabigyan ng magandang buhay ang kanilang mga mahal sa buhay at dahil sa kagustuhang matustusan ang pag-aaral ng kanilang mga anak.

4. Kaunlarang Pampropesyunal

Makikita ang Talahanayan 5 Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Kaunlarang Pampropesyunal.

Lumalabas na sa Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Kaunlarang Pampropesyunal ayon sa indikektor 4. Mapataas ang sweldo na may average weighted mean na 3.46 na may katumbas na Lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1 at sa indikektor 1. Matutuhan ang pamumuhay sa ibang bansa na may average weighted mean na 2.74 na may katumbas na Sumasang – ayon na nasa ranggo 5,

5. Talahanayan 5

Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Kaunlarang Pampropesyunal

Kaunlarang Pampropesyunal	AWM	DE	Rank
4 Mapataas ang sweldo	3.46	Lubos na sumasang- ayon	1
2 Magkaroon ng magandang posisyon	3.06	Sumasang - ayon	2
3 Makakuha ng mga sertipikasyon na magagamit sa hinaharap	2.92	Sumasang - ayon	3
5 Magkaroon ng mataas na pagkilala sa sarili	2.82	Sumasang - ayon	4
1 Matutuhan ang pamumuhay sa ibang bansa.	2.74	Sumasang - ayon	5
Kabuuan	3.00	Sumasang - ayon	

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.00 na may katumbas na Sumasang - ayon. Ang solusyon ng mga hirap na mamamayan upang kahit papano'y matakasan ang kahirapan, pangigingbang bansa. Dahil sa pagtatrabaho sa ibang bansa, nabago na rin ang hangarin at pananaw ng mga tao. Ngayon, mas ninais umalis at magbakasakaling mangibambansa upang makaranas nang mataas na sahod (Saludar, 2011). Maituturing na mabuting epekto ng migrasyon ang pagkakaroon ng sapat na suweldo ng mga manggagawa upang matustusan ang pamilya. Ito ang laging rason ng mga mamamayang Pilipino kung bakit sila mangingibang bansa. Mabibili ang gusto at aasenso ang buhay. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa iba't ibang larangan dahil sa magandang edukasyon na nabibigay ng matatayog at maunlad sa larangan ng teknolohiya na bansa (Wordpress, 2018)

Lagom ng Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya

Makikita ang Talahanayan 6 Lagom ng Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya.

Lumalabas na sa Lagom ng Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya ayon sa Trabaho na may average weighted mean na 3.04 na may katumbas na

Talahanayan 6

Lagom ng Dahilan ng Pangigingbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya

Dahilan ng Pangigingbang Bansa	AWM	DE	Rank
Pamilya	3.31	Sumasang - ayon	1
Trabaho	3.04	Sumasang - ayon	2
Kaunlarang Pampropesyunal	3.00	Sumasang - ayon	3
Kabuuan	3.12	Sumasang - ayon	

Sumasang – ayon na nasa ranggo 2, Pamilya na may average weighted mean na 3.31 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 1, Kaunlarang Pampropesyunal na may average weighted mean na 3.00 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 3. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 3.12 na may katumbas na Sumasang - ayon. Ibig sabihin mas nanaisin ng mga miyembro ng pamilya na pumuntang ibang bansa upang magkaroon ng trabaho, maibigay ang pangangailangan ng pamilya at magkaroon ng mataas na sahod. Mistulang automatic na o 'by default' na ang pagpili ng mga Pilipino na umalis sa bansa at maghanap ng mas magandang trabaho sa ibang bansa. Ayon kay senatorial candidate Susan "Toots" Ople, ang isang gobyernong may respeto sa sarili ay hindi dapat hinahayaan ang mga Pinoy na maghanap pa ng ibang trabaho sa bansa at iwanan ang kanilang mga pamilya dito (Aenlle,2016). Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Mendoza, Dalisay ay Leguis (2016), Maraming pagbabago sa paglipas ng panahon, ang hindi sapat na sweldong ibinibigay sa mga manggagawa ay nakaaapekto sa pangangailangan pinansyal ng pamilya, kaya't napipilitang magdesisyon ang mga magulang na makipagsapalaran sa ibang bansa upang matustusan at matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya.

Lagom ng Suliranin na Kadalasang Kinakaharap

Lumalabas na sa Lagom ng Suliranin na Kadalasang Kinakaharap ayon sa Emosyon na may average weighted mean na 2.72 na may katumbas na Sumasang – ayon na nasa ranggo 1, Kapitaligaran na may average

weighted mean na 2.71 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 2, Pangkaisipan na may average weighted mean na 2.29 na may katumbas na Di gaanong sumasang-ayon na nasa ranggo 3, Pampisikal na may

Talahanayan 7

Lagom ng Suliranin na Kadalasang Kinakaharap

Suliranin	AWM	DE	Rank
Emosyon	2.72	Sumasang - ayon	1
Kapaligiran	2.71	Sumasang - ayon	2
Pangkaisipan	2.29	Di gaanong sumasang-ayon	3
Pampisikal	1.75	Lubos na di-sumasang-ayon	4
Kabuuan	2.37	Di gaanong sumasang- ayon	

average weighted mean na 1.75 na may katumbas na Lubos na di-sumasang ayon. Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.37 na may katumbas na Di gaanong sumasang-ayon. Ibig sabihin na ang mga suliraning kinakaharap ng mga ana-migrante ay hindi gaanong malaki ang problema dahil sa kabila ng pandemya at nasa ibang bansa ang miyembro ng kanilang pamilya ay nagagawa pa rin nilang maging positibo sa lahat ng bagay, ngunit ipinapakita rin sa resulta na ang emosyon ang nagbibigay ng suliranin na kadalasang kinakaharap ng mga anak migrante sa panahon pandemya. Ayon kay Minke (2020) ang pandemya ay nagdudulot nang malawakang emosyonal na suliranin, kaya't ang mga paaralan ay nangangailanag maghada na tumulong dahil hindi ito kailanman maitatangi o basta hahayaan na lamang. Sa pahayag naman ni Ellis (2020), ang taong 2020 ay napakahirap na panahon para sa lahat, subalit ang kabataan at mga matatanda ang nakaranas ng matinding emosyong pangkalusugan, sinasabi sa ulat na sa pagitan ng edad na 18-24 dalawampu't limang (25%) bahagdan ay nagpapakamatay sa loob lamang ng tatlong araw at walumpung (80%) bahagdan ng mga mag-aaral angnakararanas ng problema sa emsoyon.

1. Lagom ng Kahandaang Ginagawa ng mga Anak – Migrante sa New Normal

Makikita ang Talahanayan 8 Lagom ng Kahandaang Ginagawa ng mga Anak – Migrante sa New Normal.

Lumalabas na sa Lagom ng Kahandaang Ginagawa ng mga Anak – Migrante sa New Normal ayon sa Online na may average weighted mean na 3.24 na may katumbas na Sumasang – ayon na nasa ranggo 1, Modyular na may average weighted mean na 2.09 na

2. Talahanayan 8

Lagom ng Kahandaang Ginagawa ng mga Anak – Migrante sa New Normal

New Normal Education	AWM	DE	Rank
Online	3.24	Sumasang - ayon	1
Modyular	2.09	Di gaanong sumasang- ayon	3
Teknolohiya	3.03	Sumasang - ayon	2
Kabuuan	2.79	Sumasang - ayon	

may katumbas na Di gaanong sumasang-ayon na nasa ranggo 3, at Teknolohiya na may average weighted mean na 3.03 na may katumbas na Sumasang - ayon na nasa ranggo 2.

Sa kabuuang mean ay nakakuha ng 2.79 na may katumbas na Sumasang - ayon. Ibig sabihin sadyang naging handa ang mga anak-migrante sa lahat aspetong gagamitin sa new normal na edukasyon. Sa isinagawang pag-aaral ni Florence, Brandy at Claudia (2020), mas nagtitiwala ang mga mag-aaral na gumamit ng online at teknikal na kakayahan sa pag- aral. Makikita sa resulta ng kanyang pag-aaral na sa online na mga indikektor ay nakakapagbigay ng mga gawain sa tamang panahon, nagkakaroon ng disiplina at natuto sa iban't ibang apps, samantalang sa teknikal na kakayahan sa online ay natuto ang mga mag- aaral sa operasyon ng computer, paggamit ng asynchronous tulad ng iba't ibang apps, nakakasama sa mga pagsusulit onlibne at nakakahingi ng tulong sa online pagdating sa mga akademikong gawain.

1. Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya

2.

Kasarian

Makikita sa Talahanayan 9 ang Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Kasarian.

3. **Talananayan 9****Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Kasarian**

Source of Variations		Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Trabaho	Between Groups	0.22	1	0.22	0.72	0.40	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	15.03	48	0.31			
	Total	15.26	49				
Pamilya	Between Groups	0.02	1	0.02	0.08	0.77	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	12.79	48	0.27			
	Total	12.81	49				
Kaunlarang Pampropesyunal	Between Groups	0.91	1	0.91	3.23	0.08	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	13.57	48	0.28			
	Total	14.48	49				

<

Walang makabuluhang pagkakaiba ang dahilan ng pangingibang bansa ng mga miyembro ng pamilya kung ito ay ipapangkat sa Kasarian ng mga tagatugon sa trabaho, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.40 sa trabaho na mas mataas sa (

>) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas lamang na walang kinalaman ang trabaho sa kasarian ng tagatugon, mapababae o mapalalaking anak ay tanggap ang kanilang magulang na makapagtrabaho sa ibang bansa.

Walang makabuluhang pagkakaiba ang dahilan ng pangingibang bansa ng mga miyembro ng pamilya kung ito ay ipapangkat sa Kasarian ng mga tagatugon sa pamilya, ipinapakita lamang na may nakompyut p-value na 0.77 sa pamilya na mas mataas sa (>) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas lamang na ang mga anak ng migrante na babae at lalaki ay walang kinalaman sa pamilya at naibibigay ng lubos ang mga pangangailangan ng pamilya ng mga magulang na nangingibang bansa

Samantalang walang makabuluhang pagkakaiba ang dahilan ng pangingibang bansa ng mga miyembro ng pamilya kung ito ay ipapangkat sa Kasarian ng mga tagatugon sa kaunlarang pampropesyunal, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.08 sa kaunlarang pampropesyunal na mas mataas sa (>) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas sa resulta na isa ang kasarian ay walang kinalaman sa kaunlarang pampropesyunal kung bakit nangingibang bansa ang mga magulang. Ang mahalaga ay magkaroon ng mataas na sweldo ang kanilang mga magulang.

Ayon kay Villa (2017) iba-iba ang dahilan kung bakit umaalis sa bansa ang mga Pilipino. Karamihan ng kamag-anak ay naghahanap buhay sa ibang bansa. Dahil may kamag-anak sa ibang bansa ay naiisipan na rin na maghanap buhay sa abroad ng iba sa ating mga kababayan. Nais nila maging permanenteng residente ng bansang pinuntahan. Dahil maganda ang mga benepisyo ng ibang bansa para sa kanilang mamamayan, naiisip ng iba sa atin na doon na lamang tumira at bumuo ng bagong buhay. Ito ang paraan upang guminhawa ang buhay dahil mas malaki ang pasuweldo sa ibang bansa, ito rin ang tanging nakikitang paraan ng iba sa atin sa halip na makipagsapalaran sa lokal na job market. Naniniwala ang iba na ang pag-aabroad ang tanging paraan upang makahanap ng disentang trabaho para maitaguyod ang pamilya. Sa pangingibang bayan nakasalalay ang pangarap na pag-unlad sa buhay sapagkat ito lamang ang naiisip na paraan upang maitawid ang lahat ng kanilang pangangailangan sa buhay. Walang mahanap na trabaho dito sa ating bansa kaya naghahanap ng trabaho 'abroad'.

3) **Estado ng Buhay**

Makikita sa Talananayan 10 ang Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Estado ng Buhay.

4)

Talahanayan 10

Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Panginigbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Estado ng Buhay

Source of Variations		Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Trabaho	Between Groups	1.10	1	1.10	3.71	0.06	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	14.16	48	0.30			
	Total	15.26	49				
Pamilya	Between Groups	1.76	1	1.76	7.63	0.01	Hindi Tanggap ang walang bisang pala-palagay May makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	11.06	48	0.23			
	Total	12.81	49				
Kaunlarang Pampropesyunal	Between Groups	1.02	1	1.02	3.64	0.06	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	13.46	48	0.28			
	Total	14.48	49				

Walang makabuluhang pagkakaiba ang Dahilan ng Panginigbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Estado ng Buhay ng mga tagatugon sa trabaho, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.06 sa trabaho na mas mataas sa ($>$) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas sa resulta na ang estado ng buhay pagdating sa trabaho ay napalaking bagay upang maghanap ng matinong mapapasukan o trabaho sa ibang bansa lalong lalo na sa mga may mahihirap na pamilya.

Walang makabuluhang pagkakaiba ang Dahilan ng Panginigbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Estado ng Buhay ng mga tagatugon sa kaunlarang pampropesyunal, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.06 sa kaunlarang pampropesyunal na mas mataas sa ($>$) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas lamang sa resulta na ang pagkakaroon ng kaunlarang pampropesyunal ay walang kinalaman sa estado ng buhay ng mga anak – migrante. Ang kaisipan ng mga tagatugon ay magkaroon ng magandang trabaho ang kanilang mga magulang upang matustusan ang pangangailangan sa pang-araw-araw. Samantalang may makabuluhang kaugnayan ang Dahilan ng Panginigbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Estado ng Buhay ng mga tagatugon sa pamilya, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.01 sa pamilya na mas mababa sa ($<$) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap. Lumalabas lamang sa resulta na malaki ang kinalaman ng pamilya sa estado ng buhay, ninanais ng mga magulang o miyembro na maging maganda buhay nila. Maraming Pinoy ang gustong magtrabaho sa ibang bansa dahil sa mababa ang pasuweldo sa manggagawang Pinoy. Maraming dahilan kung bakit mas pinipili ng Pinoy ang magtrabaho sa ibang bansa. Maraming kababayan ang nag-a-apply ng trabaho sa overseas dahil may trabaho na hindi kailangan ng mataas na pinag-aralan na mas malaki rin ang sahod. Katuwiran ng mga OFW na hanggang malakas at kaya pang magtrabaho ay patuloy pa rin silang makikipagsapalaran para sa pangarap ng pamilya (Henson, 2017).

5) Trabaho ng Magulang

Talahanayan 11

6) Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Panginigbang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Trabaho ng Magulang

Source of Variations		Sum of Squares	df	Mean Square	F	Sig.	Decision/ Interpretation
	Between	0.88	3	0.29	0.93	0.43	Tanggap ang walang bisang pala-

Trabaho	Groups						palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	14.38	46	0.31			
	Total	15.26	49				
Pamilya	Between Groups	0.24	3	0.08	0.29	0.83	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	12.58	46	0.27			
	Total	12.81	49				
Kaunlarang Pampropesyunal	Between Groups	0.82	3	0.27	0.92	0.44	Tanggap ang walang bisang pala-palagay Walang makabuluhang Pagkakaiba
	Within Groups	13.66	46	0.30			
	Total	14.48	49				

Makikita sa Talahanayan 11 ang Makabuluhang Pagkakaiba sa Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Trabaho ng Magulang.

Walang makabuluhang pagkakaiba ng Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Trabaho ng Magulang ng mga tagatugon sa trabaho, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.43 sa trabaho na mas mataas sa ($>$) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas lamang sa resulta na walang kinalaman ang trabaho sa trabaho ng mga magulang, kung ano ang trabahong mapapasukan ay pagsumikapang mahalina dahil ito ang bumubuhay sa pamilya.

Walang makabuluhang pagkakaiba ng Dahilan ng Pangingibang Bansa ng mga Miyembro ng Pamilya kung ito ay ipapangkat sa Trabaho ng Magulang ng mga tagatugon sa pamilya, ipinapakita lamang na may nakompyut na p-value na 0.83 sa pamilya na mas mataas sa ($>$) alpha level of significance value na 0.05, ibig sabihin ang walang bisang pala-palagay ay tanggap. Lumalabas lamang sa resulta na ang trabaho ng magulang ay walang kinalaman sa pamilya. Ang mahalaga ay naibibigay nang lubos ang mga pangangailangan sa pang-araw-araw.

